# *Ang Daan Upang Maging Mapalad Yugto 4*

Marai sa Banal na Kasulatan ay itinuturo sa atin ang daan upang maging mapalad. ***"1 Mapalad siyang pinatawad ng pagsalangsang, na tinakpan ang kasalanan. 2 Mapalad ang tao na hindi paratangan ng kasamaan ng Panginoon, at walang pagdaraya ang diwa niya." (Awit 32:1-2)***

Si Cristo ay dumating sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan at ibalik sa Diyos. Ang lahat ng sangkatauhan ay nawala datapuwa't gumawa ang Diyos ng daan upang ipadala ang Kanyang Anak ang Panginoon JesuCristo na namatay sa krus para sa lahat ng mga kasalanan ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng ginawa ni JesuCristo sa krus nayroon tayo ng daan upang abutin ang Diyos. Sinulat ni Apostol Pablo, ***"15 Tapat ang pasabi, at nararapat tanggapin ng lahat, na si Cristo Jesus ay naparito sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan; na ako ang pangulo sa mga ito;16 Gayon ma'y dahil dito, kinahabagan ako, upang sa akin na pangulong makasalanan, ay maipahayag ni Jesucristo ang buong pagpapahinuhod niya, na halimbawa sa mga magsisisampalataya sa kaniya, sa ikabubuhay na walang hanggan. 17 Ngayon sa Haring walang hanggan, walang kamatayan, di nakikita, sa iisang Dios, ay ang kapurihan at kaluwalhatian magpakailan kailan man. Siya nawa." (1 Timoteo 1:15-17)*** * Kinuha ni Jesus ang ating mga kasalanan at ipinako ang mga ito sa krus; tayo ay inaring-ganap sa pamamagitan ng gawa ni Jesus sa krus. Bilang tayo'y nagsisi at tinanggap si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon sa ating buhay ang ating mga kasalanan ay natakpan at hindi alalahanin ang ating nakaraang kasalanan, tayo ay naligtas at tayo'y may buhay na walang hanggan. * Iyon ay paraan ng Diyos upang ibuhos ang Kanyang mga pagpapala sa ating buhay upang bigyan tayo ng walang hanggan buhay. At ang mga pagpapalang iyon ay magpapatuloy na sumaating buhay habang tayo ay nagsisisi at walang panlilinlang, kasamaan, o katusuhan at kapaitan sa ating puso at diwa. Ang kaligtasan ni JesuCristo at ang buhay na walang hanggan sa Kanya ay walang bayad at iyon ay biyaya ng Diyos ngunit kailangan mong magsisi at tumalikod mula sa iyong mga kasalanan. Kapag mayroong kasalanan sa iyong buhay at may panlilinlang at kapaitan sa iyong espiritu sa gayon ikaw ay hindi pagpapalain dahil sa gayong kalagayan ay iyong kasalanan ay hindi natakpan at ikaw ay hindi Inaring-ganap sa harap ng Diyos at ikaw ay hindi ligtas malibang ikaw ay magsisi.

***"Mapalad ang bansa na ang Dios ay ang Panginoon; ang bayan na kaniyang pinili sa ganang kaniyang sariling mana." (Awit 33:12)*** Ang mga tagasunod ng Diyos na may pananampalataya sa Kanya sa pamamagitan ni Cristo, at tayo ay kabilang sa kanila, ay ang bansa ng Diyos at pinagpala. Sa mga tumalikod mula sa sanglibutan at lumapit sa Diyos ay anyo na tinawag na simbahan, ang pinagpalang bansa ng Diyos. Ipinangako sa atin ng Diyos ang Kaharian ng Diyos at inilagay Niya ang Kanyang simbahan sa lupa hanggang tayo mapasa Kanya sa Langit. Kaya ang simbahan sa lupa, ay ang Kaharian ng Diyos, sa gayon upang maging bahagi ng Kanyang simbahan at gawin ang iyong bahagi para mamuhay at maging mabuting patotoo; kailangan mong patuloy na dumalo at makatulong sa pisikal, pananalapi, espirituwal at paglilingkod ay posibleng paraan upang maari mong tanggapin ang mga pagpapala at maging mapalad.

***"1 Aking hinintay na may pagtitiis ang Panginoon; at siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing.2 Isinampa naman niya ako mula sa isang kakilakilabot na balon, mula sa balahong malagkit; at itinuntong niya ang aking mga paa sa isang malaking bato, at itinatag ang aking mga paglakad.3 At siya'y naglagay ng bagong awit sa aking bibig, sa makatuwid baga'y pagpuri sa aming Dios: marami ang mangakakakita at mangatatakot, at magsisitiwala sa Panginoon.4 Mapalad ang tao na ginagawang kaniyang tiwala ang Panginoon, at hindi iginagalang ang palalo, ni ang mga naliligaw man sa pagsunod sa mga kabulaanan." (Awit 40:1-4)*** Ito ay Awit ni Haring David na nakalasap ng kabutihan ng Panginoon at sa huli'y iniligtas siya ng Panginoon mula sa kanyang mga kaguluhan at suliranin. Si David ay nagtiwala sa Panginoon na tutulungan siya at at lulutasian ang kanyang mga suliranin, at tunay na itinaas ng Diyos si David mula sa balahong malagkit; at itinuntong ang kanyang mga paa sa isang malaking bato, at itinatag ang kanyang mga paglakad. Siya ay mapalad dahil siya'y nagtiwala sa Panginoon at hindi hinanap ng tulong mula sa mga tao at sa bulaang mga diyos. Ang katulad para sa iyo, kahit na sa pinakamahirap na kalagayan na ikaw ay naroroon ngayon na dumadaan sa iyong buhay, magtiwala nang lubos sa Kanya at ililigtas ka Niya, sapagka't walang tao o diyos ang makapagliligtas sa iyon maliban kay JesuCristo. * Huwag subukang humingi ng tulong sa mga tao at subukang gumamit ng maling mga paraan na pahihintulotan ng bulaang mga diyos. Ang gayong mga bagay ang magbibigay sa iyo ng panandaling kaginhawaan ngunit hindi magbibigay sa iyo ng lubos na kasagutan; sa halip makikita mo ang iyong sarili na nilulutas ang isang suliranin at nahuhulog sa panibago. Ngunit kung ikaw ay ganap na nagtitiwala sa Panginoon hindi ka Niya iiwan at ikaw ay ganap na ililigats mula sa lahat ng iyong mga kaguluhan at ikaw ay tatayo sa matatag na lupa at magiging matatag sa iyong buhay. Katotohanang ang mga kabilang sa atin na nagtitiwala sa Panginoon ang kanilang buhay at umaasa sa Kanya ay tunay na pinagpala.

***"Aking hinintay na may pagtitiis ang Panginoon; at siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing." (Awit 40:1)*** Gaya ng ating tinanggap ang Diyos na napaka mahahabagin sa atin upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan at sa ating mga paglabag at nagkaroon ng walang hanggang buhay, ang ating puso ay mababago at

dadalhin natin ang parehong pagibig at maalalahaning saloobin patungo sa mga mahihina na nakapalibot sa atin. Dapat tayong maging mapapagbigay at maunawain para sa bawat isa sa pakikibaka at paghihirap. Ang ganoong uri ng saloobin ay mangunguna sa atin at magbibigay daan sa atin upang maglaan at magbigay ng serbisyo sa mamamayan na nakapalibot sa atin. Tinawag tayo ng Diyos upang maging pagpapala sa iba. Tayo ay kumikilos upang ibahagi ang ibinigay ng Diyos sa atin sa mga nangangailangan. ***"9 Ang may magandang-loob na mata ay pagpapalain: sapagka't nagbibigay ng kaniyang tinapay sa dukha." (Kawikaan 22:9)*** May mga taong handang tumulong, dahil may mga taong kahit sila ay nangangailangan ngunit sila'y hindi handang tumulong. Ang mga sumusunod ay maibabahagi natin sa mga handang tumulong:

*1. Maari tayong manalangin para sa mga tao at mamagitan sa kanilang ngalan at hilingin sa Panginoon na ipahayag ang Kanyang sarili sa kanila at satisfied ang kanilang pangangailangan.*
*2. Maari nating ibahagi sa kanila ang mensahe ng Kaligtasan, na si Jesus ay namatay sa krus para sa kanilang mga kasalanan upang bigyan sila ng walang hanggang buhay.*
*3. Maari nating payuhan sila at tagubilinan sila ng Salita ng Diyos upang kanilang mga suliranin ay malutas at magkaroong ng tamang direksyon sa kanilang buhay.*
*4. Maari nating ibahagi ang materyal na tulong kagaya ng pagbabagi ng ating pagkain, lugar na matutuluyan, paglalakbay na magpadala sa kanila, tulong na medical, gamot, atbp.*

***"Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7)*** Tayo'y gagantimpalaan ng Diyos sa bawat maalalahaning saloobin na ibinibigay natin sa mga tao na inilagay ng Panginoon sa palibot natin. ***"Sapagka't ang sinomang magpainom sa inyo ng isang sarong tubig, dahil sa kayo'y kay Cristo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hindi mawawala sa anomang paraan ang ganti sa kaniya." (Marcos 9:41)*** Tayo ay pagpapalain sa bawat mabubuting gawa na ginagawa natin para sa Panginoon. Ang Salita ng Diyos ay nagpapayo sa atin ng sumusunod: ***"9 At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod.10 Kaya nga, samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya." (Galacia 6:9-10)*** Tayo ay gagantihan ng Panginoon sa para sa lahat ng mabubuting gawa na ating ginagawa lalo na para sa Kanyang bayan. ***"23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; 24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo." (Colosas 3:23-24)***

Ngunit dapat nating maunawaan ang isang bagay na ang ating mabuting gawa ay hindi isang paraan para sa ating kaligtasan kundi bunga ng muling pagsilang sa pamamagitan ng Espiritu pagkatapos ng ating pagsisisi at ng ating pananampalataya kay Cristo Jesus bilang ating Panginoon gaya ng ipinahayag sa Kasulatan, ***"8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; 9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri.10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:8-10)*** Tayo ay nangaligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus, ang kaligtasan ay kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng gawa ng tao ngunit pagkatapos nating nangaligtas ang Diyos ay may inihanda sa atin ng mabubuting gawa upang gawin at tayo'y pagpapalain kung tayo'y susunod sa Kanya at gagawin ang mga gawaing ito. Manalangin ng panalangin ito: Panginoon ipakita mo sa akin ang mabubuting gawa na inihandan mo sa akin upang gawin at gagawin ko ang mga ito sa pangalan ni Jesus, Amen.

***"105 Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas." (Awit 119:105)*** Lagi tayong papatnubayan ng Diyos sa daan na nais Niya tayong yumaon at magpatuloy sa buhay. Ang Salita ay ang ilawan para sa atin upang ipakita sa atin ang daan ng Panginoon at kung paano ilapat ito sa ating buhay. Ang mga pagpapala ng Diyos ay mahuhulog at makakarating sa mga sumusunod at lumalakad sa Kanyang mga daan.

***"Mapalad ang tao na iyong pinipili, at pinalalapit mo sa iyo, upang siya'y makatahan sa iyong mga looban: kami ay mangasisiyahan sa kabutihan ng iyong bahay, ng iyong banal na templo." (Awit 65:4)*** Tinatawag ng Diyos ang bawat isa; ang bawat isa ay tatawagin ng Diyos dahil ang Diyos ay walang kinikilingan mahirap man o mayaman, maitim o puti, ngunit pipiliin ng Panginoon ang mga tumutugon sa Kanya at pagpapalain Niya sila at mamumuhay silang kasama Niya; sa katunayan Siya ay mananahan kasama nila at gagawin silang bahagi ng Kanyang bahay, Kanyang simbahan, at hahayaan ang lahat ng Kanyang kabutihan na ipasa sa kanila. Sinabi ng Panginoon ang sumusunod: ***"Sapagka't marami ang mga tinawag, datapuwa't kakaunti ang mga nahirang." (Mateo 22:14)*** Marami silang magsasabi, 'Hindi ako Inanyayahan ng Diyos' o 'Hindi ako tinawag ng Diyos', o kanilang sasabihin, 'Siguro hindi ako hinirang ng Diyos! Para bang pinapaboran ng Diyos ang isa sa iba. Hindi kailanman ganoon, ang Diyos ay tumatawag at nag-aanyaya ngunit kung ikaw o ang mga tao ay hindi tumugon sa gayon ang Diyos ay ay aalis at ipapadala tayo sa iba. Basahin natin ang talinghagang ito mula sa Ebanghelyo ni Mateo tungkol sa piging ng kasal. ***"1 At sumagot si Jesus at muling pinagsalitaan sila sa mga talinghaga, na sinasabi,2 Tulad ang kaharian ng langit sa isang hari na naghanda ng piging ng kasalan ng kaniyang***

***anak na lalake,3 At sinugo ang kaniyang mga alipin upang tawagin ang mga inanyayahan sa piging ng kasalan: at sila'y ayaw magsidalo.4 Muling nagsugo siya sa ibang mga alipin, na sinasabi, Sabihin ninyo sa mga inanyayahan, Narito, inihanda ko na ang aking piging; pinatay ko ang aking mga baka at mga hayop na matataba, at ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na: magsiparito kayo sa piging ng kasalan.5 Datapuwa't hindi nila pinansin, at sila'y nagsiyaon sa kanilang lakad, ang isa'y sa kaniyang sariling bukid, ang isa'y sa kaniyang mga kalakal;6 At hinawakan ng mga iba ang kaniyang mga alipin, at sila'y dinuwahagi, at pinagpapatay.7 Datapuwa't ang hari ay nagalit; at sinugo ang kaniyang mga hukbo, at pinuksa ang mga mamamataytaong yaon, at sinunog ang kanilang bayan.8 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alipin, Nahahanda ang kasalan, nguni't hindi karapatdapat ang mga inanyayahan. 9 Magsiparoon nga kayo sa mga likuang lansangan, at anyayahan ninyo sa piging ng kasalan ang lahat ninyong mangasumpungan.10 At nagsilabas ang mga aliping yaon sa mga lansangan, at kanilang tinipon ang lahat nilang nangasumpungan, masasama at mabubuti: at napuno ng mga panauhin ang kasalan." (Mateo 22:1-10)*** Dito natagpuan natin na tinawag ng Diyos ang maraming tao ng lahat ng mga uri at inanyayahan sila sa piging, ngunit nang hindi sila nagpakita ng anumang atensyon sa paanyaya at nagpakita ng interes sa kanilang sariling mga gawain nang higit sa Diyos, at yumaon sa kanilang mga bukirin at kalakal atbp, at dinuwahagi ang mga lingkod ng Diyos at pinatay sila, sa gayon ipinadala ng Diyos ang Kanyang hukbo at pinuksa ang mga mamamatay tao, at ipinadala ang Kanyang mga alipin sa lansangan at tinipon ang lahat ng uri ng mga tao na kanilang nasumpungan, ang masasama ganon din ang mabubuti. Dahil ang unang mga taong inanyayahan ay hindi tumugon kaya't ang Diyos ay nag-anyaya ng pangkat ng mga tao upang ipakita sa kanila na Siya ay ang Diyos na iniibig ang lahat ngunit ang ilan sa mga naanyayahan ay mabubuti at ang iba ay masasama. Si Jesus ay dumating upang tawagin ang mga makasalanan upang magsisi at magkaroon ng walang hanggang buhay sa Kanyang pangalan. Kahit na binanggit na ang mga lingkod ng Diyos ay tinatawag na masasamang tao, ang layunin dito ay ang masasamang tao ay mapapalitan ng mabubuting tao na umiibig sa Diyos at nalulugod sa Kanyang Salita at mga paraan.

Tayo ay magpatuloy sa talinghaga habang ating babasahin ang sumusunod: ***"11 Datapuwa't pagpasok ng hari upang tingnan ang mga panauhin, ay doo'y nakita niya ang isang tao na hindi nararamtan ng damit-kasalan:12 At sinabi niya sa kaniya, Kaibigan, ano't pumasok ka rito na walang damit-kasalan? At siya'y naumid.13 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga naglilingkod, Gapusin ninyo ang mga paa at mga kamay niya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin.14 Sapagka't marami ang mga tinawag, datapuwa't kakaunti ang mga nahirang." (Mateo 22:11-14)*** Ngayon dito makikita natin na ang Panginoon ay sinusuri ang mga panauhin. Natuklasan niya na isa sa kanila ay hindi nararamtan ng damit-kasalan. Ang ibig sabihin kapag tinawag tayo ng Diyos at inanyayahan tayo batid Niya na tayo'y makasalanan at namumuhay sa kasalanan, ngunit dapat tayong magpatuloy sa ganoong kalagayan; kailangan nating magbago sa pamamamgitan ng pagpapanibago ng ating isipan at huwag makiayon o maging katulad ng mga taong nakapalibot sa atin na hindi sumusunod sa Diyos. Tayo ay tinawag upang maging banal, malinis at mahiwalay sa kasalanan patungo sa Diyos kung gayon ay tatanggapin tayo ng Panginoon nang may kagandahang-loob at gagamitin tayo para sa Kanyang kaluwalhatian. ***"20 Datapuwa't sa isang malaking bahay ay hindi lamang may mga sisidlang ginto at pilak, kundi mayroon din namang kahoy at lupa; at ang iba'y sa ikapupuri, at ang iba'y sa ikasisirang-puri. 21 Kung ang sinoman nga ay malinis sa alin man sa mga ito, ay magiging sisidlang ikapupuri, pinakabanal, marapat gamitin ng mayari, nahahanda sa lahat ng gawang mabuti." (2 Timoteo 2:20-21)*** Kung lilinisin natin ang ating mga sarili mula sa mga kasalanan at sa lahat ng makamundong mga bagay, sa gayon tayo ay pagpapalain at tayo ay isusulong upang anyayahan upang hiranging bayan ng Diyos. Upang hiranging maging sisisdlan ng Diyos at ang hiranging kasangkapan sa kamay ng Diyos ay ang paggawa ng mabuting gawain na inihanda niya para sa atin. ***"Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10)***

Kaya't malinaw na ngayon kung paanong humirang ang Diyos ng mga tao at inilapit upang manahan sa Kanyang looban; una ay inaanyayahan ng Diyos ang mga tao, pangalawa ay makikita ng Diyos kung paano tumugon ang mga tao nang naaangkop at nakikipagtulungan sa Kanyang tawag sa kanila. Yaong mga tumutugon sa tawag ng Diyos, nililinis ang kanilang sarili, at naging bahagi ng Kanyang simbahan, pagpapalain sila ng Panginoon nang sagana at pupunuin sila ng mabubuting bagay at babantayan ang kanilang buhay. ***"Mapalad silang nagsisitahan sa iyong bahay: kanilang pupurihin kang palagi. (Selah)" (Awit 84:4)*** Sa mga naglilingkod sa Diyos lalo silang pagpapalain ng Panginoon at lalo silang magpupuri sa Panginoon at dadakilain ang Kanyang pangalan.

***"Mapalad ang tao na ang kalakasan ay nasa iyo; na may mga daan sa kaniyang puso na tungo sa Sion." (Awit 84:5)*** Ang bayan ng Diyos bago si Kristo ay pumunta sila para sa paglalakbay sa banal na lugar para sa ilang mga kapistahan sa Jerusalem bilang pagsunod sa utos ng Diyos. Yaong mga handang sumunod sa Diyos, bibigyan sila ng Panginoon ng kalakasan na gawin iyon at sila ay pagpapalain habang sila ay sumusunod. Isinasabuhay natin iyan sa ating buhay kasama si Cristo sa ganitong paraan: Kung mas may pagnanais tayong lumapit sa Diyos, mas bibigyan tayo ng Diyos ng kinakailangang kalakasan para gawin iyon at lalo tayong

pagpapalain. ***"12 Oh Panginoon ng mga hukbo, mapalad ang tao na tumitiwala sa iyo." (Awit 84:12)*** Bakit ayaw ng mga tao na magtiwala sa Diyos at ibigay ang kanilang mga mapagkukunan sa paglilingkod sa Kanya? Sapagkat iniisip nila na sila'y mawawalan at kung sila ay mamumuhunan sa Diyos ang kanilang mga mapagkukunan sa gayon hindi nila mapapangasiwaan ang buhay. Kaya't matagpuan mo silang nagtitiwala sa kanilang sarili, sa gawa ng kanilang mga kamay, at nagtitiwala sa mga tao at mga anyo sa kanilang paligid. Ngunit kung higit mong pagtitiwalaan ang iyong sarili at ang mga tao at itutuon ang iyong mga mata sa anyo ng tao, lalo kang nangangailangan. Ngunit kapag mas nagtitiwala ka sa Diyos at umaasa sa Kanya at inilalaan ng iyong buhay sa paglilingkod sa Kanya, lalo kang pagpapalain ng Panginoon.

***Sa aking mahal at minamahal: "Isang bagay ang hiningi ko sa Panginoon, na aking hahanapin; na ako'y makatahan sa bahay ng Panginoon, lahat ng mga kaarawan ng aking buhay, upang malasin ang kagandahan ng Panginoon, at magusisa sa kaniyang templo." (Awit 27:4)*** Nais ni David na tumahan sa bahay ng Diyos upang mapalapit sa Diyos sapagkat batid niya ang halaga at mga pribelihiyo na nasa tahanan ng Diyos. Ang Kanyang simbahan ngayon. Sinabi rim Niya, ***"10 Sapagka't isang araw sa iyong mga looban ay mabuti kay sa isang libo. Aking minagaling na maging tagatanod-pinto sa bahay ng aking Dios, kay sa tumahan sa mga tolda ng kasamaan." (Awit 84:10)*** Gawin ang mabuti ang iyong prioridad at sumunod sa Diyos at lumakad sa Kanyang mga landas at maglingkod sa Kanyang simbahan. Lumabas mula sa kamunduhan at pahalagan ang ginagawa ng Diyos sa iyong buhay. Gaya ng pag-anyaya sa iyo para maglingkod sa Kanya magalak at magpasalamat sa Kanya. Simulang maglingkod sa Kanya at hayaang ang sumusunod na Salita ni Pablo ay makita sa iyong pag-uugali. ***"12 Nagpapasalamat ako sa kaniya na nagpapalakas sa akin, kay Cristo Jesus na Panginoon natin, sapagka't ako'y inari niyang tapat, na ako'y inilagay sa paglilingkod sa kaniya;" (1 Timoteo 1:12***) Ikaw ay magiging mapalad gaya ng iyong pagsang-ayon, sumunod at ibigay ang iyong sarili sa kamay ng Diyos sa pananalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyong Salita na itinuro sa akin ng malinaw ang iyong mga landas.*

*Anyayahan si Jesus sa iyong puso upang maging Panginoon sa iyong buong buhay. Magsisi mula sa kasalanan ng kamunduhan, pagtitiwala sa tao kaysa sa Diyos, walang kandaan maglingkod sa Diyos at ibigay ang iyong buhay, panahon, salapi at pinagkukunan sa Kanya. Panginoong Jesus ako'y nagsisi linisin ako mula sa sumusunod na mga kasalanan*_______________________________________.

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na lubos na magtiwala sa iyo at tumalima sa iyong Salita at kalooban. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili at ang aking buhay at ang aking buong pinagkukunan upang maglingkod sa iyo at lumakad sa iyong mga landas. Panginoon pinapahalagahan ko ang iyong paanyaya at ang iyong pagtawag sa akin upang maglingkod sa iyo. Ilalagay ko palaging una iyon sa aking prioridad; ito ay aking pangako at aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at ipinangako ang kanilang buhay sa mga simulain na aming natutunan sa mensaheng ito. Panginoon gamitin sila upang maglingkod sa iyo at gawin ang mabubuting gawa na inihanda mo sa kanila na gawin.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan, patnubayan kaming magpatuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon pagpalain kami at dagdagan ang lahat ng aming mga paglilingkod, at ihanda kami para sa iyong pagparito na kami'y sasama sa iyo kapag ikaw ay pumarito upang kunin kami. Panginoon pusposin kaming muli ng Banal na Espiritu upang abutin ang bagong mga tao sa halip sa mga tumatanggi sa iyong paanyaya, at tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen*

Ang Daan Upang maging Mapalad Yugto 4. Awit 32:1-2. 1 Timoteo 1:15-17, Awit 33:12. Awit 40:1-4. Awit 41:1. Kawikaan 22:9 . Mateo 5:7. Marcos 9:41. Galacia 6:9-10. Colosas 3:23-24 . Efeso 2:8-10. Awit 119:105. Awit 65:4. Mateo 22:1-14. 2 Timoteo2:20-21 . Awit 84:4, 5, 10, 12. Awit 27:4. 1 Timoteo 1:12.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com